

## PANGKARANIWANG PULONG BLG. 183

MANILA CITY KIPASIYAHAN BLG. 431 Serye ng 2015, October 29, 2015

Read online (full-text search, related cases, audio case brief): <https://batas.org/library/f89359d80a9f/>

---

---

MGA MAY-AKDA: KGG. ERNESTO M. DIONISIO, JR.

Pansamantalang Punong Mayorya

KGG. ROLANDO M. VALERIANO

KGG. EDWARD V.P. MACEDA

Pansamantalang Tagapangulo

KGG. JOHN MARVIN "Yul Servo" NIETO

KGG. SALVADOR H. LACUNA

KGG. MARLON M. LACSON

Punong Mayorya

KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO

KGG. FRANCISCO "Isko Moreno" DOMAGOSO

Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo

---

SAPAGKAT, ang Iglesia Ni Cristo - lokal ng Tayuman ay magdiriwang ng kanyang ika-100 taon ng kanyang pagkakatatag sa ika-6 ng Nobyembre, 2015;

SAPAGKAT, ang lokal ng Tayuman ay itinuturing na ikalawang lokal na naitayo ni Kapatid Felix Y. Manalo kasunod ng lokal ng Punta, Sta. Ana, kung saan pansamantalang naninirahan si Ka Felix sa Kalye ng Ipil sa Tayuman;

SAPAGKAT, ang lokal ng Tayuman ay naging saksi sa mahahalagang bahagi sa makabuluhang pagbabago at kaganapan sa Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, noong panahon ng digmaan sa pagitan ng Pilipinas at bansang hapon, naging sentro at tanggapang pangkalahatan ng Iglesia Ni Cristo ang lokal ng Tayuman;

SAPAGKAT, sa lokal din ng Tayuman isinagawa ni Ka Felix ang kauna-unahang klase ng mga Ministro sa kasaysayan ng Iglesia Ni Cristo;

SAPAGKAT, ang National Historical Commission of the Philippines (Pambansang Komisyonang Pangkasaysayan ng Pilipinas) ay ang ahensiya ng pamahalaan na ang isa sa mga tungkulin ay kilalanin, pangalanan at bigyang tanda ang mga makasaysayang lugar sa Pilipinas;

SAPAGKAT, dahil sa mga nabanggit, mayroong sapat na batayan upang isaalang-alang at ituring ang Iglesia Ni Cristo - lokal ng Tayuman bilang isa sa mga makasaysayang pook sa ating bansa: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa National Historical Commission of the Philippines na ideklara ang pagkilala sa Iglesia Ni Cristo - lokal ng Tayuman bilang isang

makasaysayang pook sa Lungsod ng Maynila na magdiriwang ng sentenaryo ng pagkakatatag sa ika - 6 ng Nobyembre, 2015; at muling mangyaring

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa Iglesia Ni Cristo - Sentral, sa lokal ng Tayuman at sa National Historical Commission of the Philippines; at muling mangyaring

IPASIYA, na ang Kapasiyahang ito ay mailathala sa pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon.

**PINAMUNUAN NI:**

(Sgd.) EDWARD V.P. MACEDA

Pansamantalang Tagapangulo

Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong ika - 29 ng Oktubre, 2015.

**PINATUNAYAN:**

(Sgd.) LUCH R. GEMPIS, JR.

Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**ABOUT BATAS.ORG**

# Study smarter at BATAS.org

*The Philippine bar review and law-school companion built around how your brain actually remembers.*

**The complete Philippine law library - free for everyone.**

More than 100,000 Supreme Court decisions, Republic Acts, and executive issuances - full-text searchable, browsable by category and year, and always free. No paywall, no login. This PDF came from it.

**Audio case-brief lectures.**

Any decision becomes a podcast-style lecture - facts, issues, ruling, and doctrine - with read-along highlighting and a hands-free presentation mode. Study while commuting, working out, or resting your eyes.

**Bar review built on the science of memory.**

Complete, sequenced courses for all eight bar subjects, narrated like podcasts and reinforced with retrieval practice and spaced review - the study techniques with the strongest evidence behind them.

**The full law-school curriculum.**

One subscription unlocks the entire J.D. curriculum - every subject, every lesson, with your progress tracked down to the paragraph so you can pick up exactly where you left off, on any device.

**Mock exams that tell you where you stand.**

Timed multiple-choice exams graded instantly, with per-subject score breakdowns and focus suggestions that point you at your weakest topics first.

**A study planner that keeps you on pace.**

Set your schedule and BATAS tells you every day whether you are on track for bar day - and exactly which lesson to take next.

**Start free at <https://batas.org>**

The law library is free forever - and your first lesson is one click away.

The text of this document is an official public record and remains in the public domain. Formatting, presentation, and compilation © 2026 batas.org.

Downloaded free from the batas.org Law Library. Share it freely - the library is free for every law student, bar reviewee, and practitioner.